
10

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 7: Pangwakas na Gawain sa Panitikang Kanluranin




ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikasampung Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan (Panitikang Kanluranin) –**
**Modyul 7: Pangwakas na Gawain sa Panitikang Kanluranin**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon paman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyal. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyal na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**


| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | John John L. Pasul | |
| **Editor:** | Luisito V. Libatique | Alvin D. Mangaoang |
| **Tagasuri:** | Arabella May Z. Soniega | Virgilio C. Boado |
| | Gina A. Amoyen | Editha T. Giron |
| **Tagaguhit:** | Maeludi M. Manongdo | Charles D. Mabalot |
| **Tagalapat:** | Alvin D. Mangaoang | |
| **Tagapamahala:** | Tolentino G. Aquino | Atty. Donato D. Balderas Jr. |
| | Arlene A. Niro | German E. Flora |
| | Gina A. Amoyen | Virgilio C. Boado |
| | Editha T. Giron | Alejo R. De Sesto |


**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region I**
Office Address: Flores St., Catbangen, City of San Fernando, La Union
Telefax: (072) 682-2324; (072) 607-8137
E-mail Address: region1@deped.gov.ph

# 10

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 7: Pangwakas na Gawain sa Panitikang Kanluranin

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Binabati kita! Matagumpay mong natapos ang mga aralin sa nakaraang mga araw. Ngayon ay narito na tayo sa panghuling aralin para sa ikalawang markahan. Masusukat sa bahaging ito ang iyong kaalaman at kasanayang iyong nalinang sa markahang ito. Natitiyak kong kayang-kaya mong gawin ang mga pangwakas na gawain sa pagtatapos ng ikalawang markahan. Handa ka na ba? Tara na't tayo ay magsimula na.


Ang Modyul 7 ay magsisilbing pangwakas na aralin para sa kabuoan ng ikalawang markahan (Panitikang Kanluranin). Ito'y tungkol sa mga akdang pampanitikan ng mga bansang kanluranin mula sa Europa, Hilaga at Timog Amerika tulad ng Iceland, England (United Kingdom), United States of America Cuba, Brazil at isa sa mga isla ng Caribbean.

Ang panitikan ng bansa sa mga bansang kanluranin na tumutukoy sa malaking bahagi ng panitikan mula sa sinaunang panahon tungo sa kasalukuyang panahon ng Indo-Europeo na binubuo ng Ingles, Kastila, Pranses, Italyano at Ruso na pawang ang pinagmulan ng kanilang pamanang panitikan ay sa sinaunang Gresya at Roma. Ang naturang pamanang ito ay pinangalagaan at kalaunan ay nagbagong-anyo sa pamamagitan ng paglaganap ng kristiyanismo. Nagpalipat-lipat ito sa buong kontinente ng Europa hanggang sa umabot sa mga bansa sa kanluran.

Mababasa at masusuri ang dagling pinamagatang Ako Po'y Pitong Taong Gulang na nagmula sa isang rehiyon sa mga isla ng Caribean. Mababatid mo rin ang mga anyo ng panitikang makikita sa *social media*. Sa pagtatapos ng modyul, inaasahang ikaw ay makasusulat ng sarili mong dagli na mailalathala sa *social media.*

Narito ang mga lilinanging pinakamahahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC):

1. Nabibigyang-puna ang mga nababasa sa mga social media (pahayagan, TV, internet tulad ng fb, e-mail, at iba pa) F10 PB-IIi-j-79
2. Natutukoy at nabibigyang-kahulugan ang mga salitang karaniwang nakikita sa *social media.* F10 PT-IIg-h-75
3. Natutukoy ang mga popular na anyo ng panitikan na karaniwang nakikita sa social media. **F10 PD-IIg-h-73**
4. Naisusulat at naibabahagi sa iba ang sariling akda. **F10 PU- IIi-j-77**
5. Nagagamit ang kahusayan sa gramatikal at diskorsal na pagsulat ng isang organisado at makahulugang akda. **F10 WG II-i-j-70**



# Subukin

*Bago tayo dumako sa ating talakayan tungkol sa pangwakas na gawain, magkakaroon muna tayo ng paunang pagtataya. Subukang sagutin ang inihanda ko upang masukat ko ang iyong kaalaman sa ating paksang pag-aaralan.*

**PAUNANG PAGTATAYA**

A. Panuto: Tukuyin ang sumusunod na *website* o aplikasyon na makikita sa *social media*. Isulat ang mga ito sa sagutang papel.

***Social Media***




1. __________ 2. __________ 3. __________ 4. __________ 5. __________

B. Panuto: Tukuyin kung ang sumusunod na anyo ng panitikan ay nabibilang na popular sa *social media*. Isulat sa sagutang papel ang tsek (/) kung ito ay kabilang at ekis (X) naman kung hindi.

_____ 1. Balagtasan
_____ 2. Hugot lines
_____ 3. Spoken Word Poetry
_____ 4. Dagli
_____ 5. Alamat
_____ 6. Rapbattle (Fliptop)
_____ 7. Pabula
_____ 8. Vlog
_____ 9. Elehiya
_____ 10. Blog

C. Panuto: Magbigay ng iyong inisyal na kaalaman sa pagsulat ng isang organisado at makahulugang akda. Gayahin ang pormat sa sagutang papel.




*Magaling! Natutuwa ako at mahusay mong naisagawa at nasagutan ang paunang pagtataya. Samahan mo akong alamin kung tama ba ang naging kasagutan mo sa paunang pagtataya, magpatuloy na tayo sa susunod na gawain.*

| Aralin 1 | Pangwakas na Gawain sa Panitikang Kanluranin |
|---|---|
| | **Social Media at Anyo ng Panitikan sa Social Media**<br>**Panitikan: Ako Po'y Pitong Taong Gulang**<br>**Gramatika: Kasanayang Gramatikal at Diskorsal** |




## *Balikan*

*Ngayon, bago tayo pumunta sa talakayan, magbabalik-tanaw muna tayo sa mga natalakay na akdang pampanitikan ng mga bansang kabilang sa kanluranin. Sagutin mo muna ang gawain.*

**Gawain 1: Naaalala Mo Ba?**

Panuto: Sa pamamagitan ng Circle organizer, ilagay sa bilog ang pamagat ng mga napag-aralang mga akdang pampanitikan mula sa unang modyul hanggang sa ikaanim na modyul sa Ikalawang Markahan. Sagutin ang sumusunod na tanong sa sagutang papel.




1. Ano ang kabuluhan ng pag-aaral sa mga akdang pampanitikan ng Kanluran?
   ______________________________________________
   ______________________________________________

2. Sa lahat ng mga akdang Kanluranin na iyong nabasa o natutuhan, alin sa mga ito ang tumatak sa iyo? Bakit?
   ______________________________________________
   ______________________________________________

3. Ilahad ang pagkakatulad at pagkakaiba ng kulturang Pilipino sa kultura ng mga bansang pinagmulan ng mga akdang tinalakay.

   ______________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________

4. Ano-anong genre ng akdang pampanitikan ang iyong natutuhan sa ikalawang markahan? Magbigay ng maikling pagpapaliwanag sa bawat genre.

   ______________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________

5. Paano nakatutulong ang kaalaman sa wastong gamit ng gramatika at paglinang ng talasalitaan sa pag-aaral ng mga akdang pampanitikan?

   ______________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________

*Binabati kita! Mahusay mong naisagawa ang pagbabalik-aral. Patunay na naunawaaan mo ang mga akdang pampanitikan na iyong napag-aralan. Natutuhan mo ang iba't ibang anyo ng panitikan na ipinagmamalaki ng mga bansang Kanluranin. Sa tulong ng mga akdang ito, nagkaroon ka ng mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa kultura ng bawat bansang iyong napag-aralan.*

*Ang panitikan ay maituturing na kayamanan ng isang bansa dahil sumasalamin ito sa kanilang sariling kultura, kaugalian, kaisipan, pamumuhay at kasaysayan. Bilang pangwakas na gawain sa modyul na ito, ikaw ay lilikha ng sarili mong dagli na ilalathala sa social media.*

## ***Tuklasin***

*Basahin at tuklasin mo ang gamit at kahulugan ng social media at ang mga salitang palaging ginagamit ng mga kabataang tulad mo sa social media.*

***Alam mo bang…***

Ang ***Social Media*** ay tumutukoy sa sistema ng pakikipag-ugnayan sa mga tao na kung saan sila ay lumilikha, nagbabahagi at nakikipagpalitan ng impormasyon at mga idea sa isang *virtual* na komunidad at mga *network*?

Itinuturing na isang pangkat ng mga *Internet-based* na mga aplikasyon na bumubuo ng ideolohikal at teknolohikal na pundasyon ng *Web 2.0* na nagbibigay-daan sa paglikha at pakikipagpalitan ng nilalaman na binuo ng gumagamit.

Narito ang ilan sa mga halimbawa ng *social media*:

**Facebook** – Isang uri ng *social media* na kung saan maaring magdagdag ng mga kaibigan at magpadala ng mensahe at baguhin ang kanilang sariling sanaysay upang ipagbigay-alam sa kanilang mga kaibigan ang tungkol sa kanilang sarili.

**Twitter** – Ang tawag sa *microblogging* na serbisyong nagbibigay kakayahan sa gumagamit nito na magpadala at basahin ang mga mensahe na kilala bilang *tweets.* Ang mga nakarehistrong *user* ay maaaring magpost ng mga *tweet* ngunit ang mga di-nakarehistro ay maaari lámang magbasá ng mga ito. Naaakses ng mga *user* ang *twitter* sa pamamagitan ng *website interface* nito, *SMS,* o isang *app* sa isang *mobile device.*

**Instagram** – Ito ay isang uri ng *social media* na may serbisyong magbahagi ng kanilang larawan at *video*. Pinapayagan ang mga gumagamit na mag edit at mag upload ng mga larawan at maiikling *video* sa pamamagitan ng isang *mobile app.* Ang mga gumagamit ay maaring magdagdag ng isang *caption* sa bawat isa sa kanilang mga *post.*

**YouTube** – Ang *website* na nagbabahagi ng mga *video* at nagbibigay-daan para sa mga tagagagamit nito na magbahagi, makita, at ibahagi ang mga *video clips*. Ang mga *video* na ito ay maaaring gawing reaksiyon; ang dami ng husga o *likes* at ng mga nakanood ay parehong nakalathala. Maaari ring mag-iwan ng komento ang mga manonood sa karamihan ng *video.*

**Wattpad** – Ito ay isang *website o app* para sa mga mambabasa at manunulat na maglathala ng mga bagong kuwento na nilikha ng gumagamit sa iba't ibang genre. Nilalayon nitong lumikha ng mga pamayanan panlipunan sa pamamagitan ng mga kuwento para sa mga baguhan at batikang manunulat.

Sa patuloy na paggamit ng kabataang tulad mo sa *social media*, maraming mga salita ang nabuo na palaging ginagamit at nakikita sa *social media.*

Basahin ang sumusunod na pahayag.

*"Ang ganda ng suot ko, mag-**selfie** nga ako."*
*"**Flex** ko lang itong bagong cellphone ko."*
*"Ang talino talaga niya sa klase, **Lodi**!"*
*"Sa kabila ng lahat ng ginawa ko, **friendzone** pa rin ako."*
*"**Pabebe** naman itong babaeng ito!"*
*"Hala Friend, ang ganda-ganda mo naman ngayon. **Charot!"***

Pansinin ang mga salitang nabigyang diin, pamilyar ka ba sa mga ito? Halina't bigyang natin ito ng kahulugan.

- **Selfie** – Pagkuha ng larawan sa sarili gamit ang gadyet.
- **Friendzone** – Isang uri ng relasyon na hanggang kaibigan lamang, marahil hindi pa handa ang isang tao o sadyang kaibigan lang ang turing nito.

- **Flex** – Ang salitang ginagamit kapag may ipinagmamayabang, ito ay maaring tao, hayop o bagay.
- **Lodi** – Hango sa salitang ingles na *idol* at binaligtad ito upang maiba ang pagbigkas. Ito ang salitang ginagamit kung mayroon kang taong hinahangaan.
- **Charot** – Nangangahulugang na nagbibiro lamang o biro lang.
- **Pabebe** – Ang ginagamit na salita sa taong maarte sa kaniyang kilos.

**Gawain 2: Bigyang-kahulugan Mo!**
Panuto: Ibigay ang kahulugan ng ilang mga salitang nakikita sa social media at gamitin ito sa makabuluhang pangungusap sa iyong sagutang papel.

1. YOLO: ________________________________________________
   ________________________________________________
2. Ghosting: ________________________________________________
   ________________________________________________
3. Seenzone: ________________________________________________
   ________________________________________________
4. Pa-fall: ________________________________________________
   ________________________________________________
5. Petmalu: ________________________________________________
   ________________________________________________

*Ngayong nagkaroon ka na ng kaalaman tungkol sa social media, dumako na tayo sa mga anyo ng panitikang popular ngayon sa mga kabataang tulad mo. Samahan mo akong suriin ang mga ito*



## *Suriin*

*Basahin at unawain mo ang mga anyo ng panitikang popular sa social media. Suriin mo ang mga hakbang sa pagsulat ng dagli at mga kakayahang komunikatibo dahil magagamit mo ito sa inaasahang pagganap.*

**Anyo ng Panitikan sa *Social Media***

- Ang paglaganap ng internet at pag-usbong ng iba't ibang *social media* ay nagdulot ng napakalaking pagbabago sa anyo ng panitikan. Ang pagkahilig ng marami, lalo na ng mga kabataang tulad mo sa mga kontemporaryong anyo ng panitikan ang nag-udyok sa pagbabagong bihis ng tradisyonal na anyo nito.
- Sa pamamagitan ng *social media* at mga aplikasyon nito sumasabay ang panitikan sa modernisasyon ng mundo – sa pabago-bagong aspekto ng teknolohiya at internet. Ang modernisasyong ito ang nagluwal sa makabagong anyo sa pamamaraan ng pagtula, pagkukuwento at iba pang anyo ng panitikan na labis na kinahuhumalingan ng mga kabataan.
- Maraming mga kabataan ngayon ang nawiwili sa pagbabasa o panonood sa iba't ibang anyo ng panitikan sa social media.

**Gawain 3: *Post* ko iyan!**

Panuto: Basahin ang dalawang anyo ng panitikan na popular ngayon sa *social media:*

"Sana may *traffic lights* din sa pag-ibig para alam natin kung kailan maghahanda, di-diretso, o hihinto"

"Sana ulan ka at lupa ako..
Bakit?
Para kahit gaano man kalakas ang patak mo, sakin pa rin ang bagsak mo."

Pamilyar ka ba sa iyong nabasa? Nagkapag-*post* ka na rin ba ng ganito sa *social media*. Isulat sa iyong sagutang papel ang iyong kaalaman ukol dito.

| |
|---|
| |

Narito ang ilan sa mga anyo ng panitikan na nababasa sa *social media*:

- **Blog** – Ito ang modernong pamamaraan ng pagsusulat kung saan nagbibigay ng impormasyon sa pamamagitan ng internet sa mukha ng mga artikulo na may iba't ibang mga partikular na paksa.

Hakbang upang Matuldokan
(Bahagi lamang)



Ang pagdami ng bilang ng mga nagtatrabahong bata o child workers a
y indikasyon na lumalala na ang kahirapan sa ating bansa. Sa bawat sulok ng ating bayan, hindi natin maikakaila na talagang marami ang nakakaranas ng kahirapan sa buhay. Sa murang edad ng mga bata ay nagbabanat na sila ng buto upang kumita ng pera na ipinangtutustos sa pangangailangan ng kanilang pamilya.

Marami din naman ang mga batas na nagbabawal sa child labor. Ngunit bakit marami parin ang bilang ng mga batang naghahanap buhay? Dalawa lang ang dahilan kaya dumadami ang bilang ng mga Child Laborers unang una ay ang kahirapan sa buhay at ang ikalawa naman ang kawalan ng trabaho ng kanilang magulang.

Bakit nga ba sarami ng matatandang hindi nagtatrabaho, bakit ang mga bata pa ang kailangan na maghanap buhay? Na dapat ang mga batang ito ay nasa loob ng paaralan upang mag-aral, upang maabot ang kanilang mga pangarap sa buhay at upang magkaroon ng maayos at magandang kinabukasan. Ang kanilang mga magulang ang dapat na nagtatrabaho upang matutustusan ang mga pangangailangan ng kanilang mga anak. At responsibilidad din nila na pangalagaan at mabigyan ng masaganang buhay ang kanilang mga anak.

Para sa kabuoang blog maaring basahin sa link na ito:
https://childlabor2017.wordpress.com/2017/02/25/batang-kalabaw/

- **Hugot lines** – Pangungusap na nabuo mula sa paghihinuha ng mga sariling karanasang kadalasang tungkol sa pag-ibig.

"Minsan may mga taong iniiwasan mong pansinin pero ang puso mo gustong-gusto siyang kumustahin."

- **Pick-up lines**/Banat – Tumutukoy sa magiliw na paggamit ng paghahambing upang makatawag atensiyon sa taong pinatutungkulan nito.

Pwede mo ba akong samahan pumunta sa sementeryo?
Bakit?
Bibisitahin lang natin iyong puso kong patay na patay sa iyo.

Narito naman ang ilan sa mga anyo ng panitikan na napapanood sa *social media*:

- **Vlog –** Isang uri ng *blog* na ginagamit ang *video* bilang medium. Ito ay tinatawag na *web television*. Ang mga vlog ay kadalasang napanonood sa *YouTube.*
  *Maaring panoorin ang link na ito.*

True meaning of Filipino Hospitality – Wil Dasovich
*https://www.youtube.com/watch?v=t3mNwcwo2mk*
SkyLine – Cong TV
*https://www.youtube.com/watch?v=ixf4gLSgj2Y&t=463s*

- **Fliptop** – Pagsasagutan ng dalawang magkalabang panig sa pamamagitan ng rap o mabilis na pananalita. Tinatawag din itong makabagong balagtasan ng mga kabataan.

*Maaring panoorin ang link na ito.*

| |
|---|
| Fliptop<br>Shernan vs. Range<br>*https://www.youtube.com/watch?v=pWUhqtsJ5iE* |

- **Spoken word poetry** – Isang anyo ng tula na may malikhaing pagsasaad ng kuwento o pagsasalaysay. Ito ay malikhaing inilalahad ng patula sa mga madla.
  *Maaring panoorin ang link na ito.*

| |
|---|
| Ang nag-iisa- Juan Miguel Severo<br>*https://www.youtube.com/watch?v=d8trTWzs7BM* |

*Ang mga nabanggit ay ilan lamang sa mga anyo ng panitikang nababasa at napanonood mo sa social media. Bago tayo magpatuloy, magbigay ka muna ng iyong paghuhusga sa mga popular na anyo ng social media.*

**Gawain 4: Husgahan Mo!**

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong sa iyong sagutang papel.

1. Bakit nagkaroon ng transpormasyon mula sa tradisyonal na panitikan tungo sa popular na anyo ng panitikan?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

2. Bakit lubos na kinagigiliwan ng mga kabataan ang panitikan na nasa social media?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

3. Sa mga popoular na anyo ng panitikan sa social media, ano ang iyong lubos na kinagigiliwan? Ipaliwanag ang naging kasagutan.

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

*Magaling mong naisagawa ang gawain. Magpatuloy upang magkaroon ka ng kaalaman sa akdang iyong susulatin para sa pangwakas na gawain. Isa pang popular na anyo ng panitikan sa social media ay ang Dagli. Halina't samahan mo akong alamin ang kahulugan nito.*

***Alam mo bang…***

***Dagli*** ay isang anyong pampanitikang maituturing na maikling maikling kuwento?

- Ang dagli ay isang napakaikling kuwento na nakapokus sa isang karanasan o pangyayari sa buhay ng isang tauhan. Mapapansing gahol ito sa banghay at walang aksiyong umuunlad kaya mga paglalarawan lamang sa mga sitwasyon.
- Ito ay isang anyo ng Panitikang Filipino na nagsasalaysay ng iba't-ibang paksa sa buhay ng isang tao. Nagsasalaysay na lantaran at walang-timping nangangaral, namumuna, nanunudyo o kaya'y nagpapasaring.
- Sa kasalukuyang panahon, ang dagli ang nauusong estilo ng maikling kuwento. Mga kuwentong pawang sitwasyon lamang, *plotless* wika nga sa Ingles. Ito rin ay napagkakamalang katumbas ng *flash fiction* o *sudden fiction* sa Ingles.

- Maraming mga tanyag na manunulat ngayon ang naglathala ng kani-kanilang aklat na naglalaman ng mga dagli. Isa na rito si Eros Atalia na naging kilala sa kaniyang aklat na "Wag Lang Di Makaraos" kung saan ito ay kalipunan ng isang daang mga dagli taong 2011 na hanggang ngayon ay patuloy pa rin itong binabasa ng mga kabataang tulad mo. Iba't ibang paksa at layunin ang kaniyang mga dagli maaaring nagpapatawa, nagpapasaring, nagbubukas ng kamalayan at nag-iiwan ng isang makahulugang mensahe o aral.
- Mapapansin ang paglaganap ng dagli sa *social media*, maaring ito ay napapanood o nababasa sa iba't ibang aplikasyon.

Maligayang Pasko
-Eros Atalia

Pinatay niya na ang sauce. Luto na rin ang noodles ng spaghetti. Sinilip niya ang oven. Paluto na ang lechon de leche. Nagniningning sa mantika ang hamon, hotdog at bacon. Nasa gitna na ng mesa ang mansanas, ubas, kahel at peras. Hiwa na rin ang keso de bola. Timplado na rin ang juice. Inilagay na niya sa mesa ang morcon, lechon manok, embutido, paella at pinasingaw na sugpo. Naglagay siya ng tatlong pinggan, baso, kutsara at tinidor sa mesa. Pati na rin ang napkin.

Maya-maya, bitbit na niya ang isang supot. Sa loob nito ay may ilang nakabalot na ulam.

Lumabas na siya ng bahay. Tinahak na niya ang nagniningning na lansangan.

Habang naglalakad, sinilip niya ang laman ng supot. May apat na balot. Hindi niya maaninag kung ano-ano ang laman ng mga ito. Pero tamang-tama sa anim niyang anak at sa kanilang mag-asawa ang bitbit na pabaong Noche Buena.

Bukas, araw ng Pasko, maaga siyang babalik upang maghugas ng pinagkainan.

**Mga Dapat Tandaan sa Pagsulat ng Dagli** (*Ayon kay Eros Atalia)*

- Magbigay tuon lamang sa isa: tauhan, banghay, tunggalian, diyalogo, paglalarawan ng matinding damdamin o tagpo.
- Magsimula lagi sa aksiyon.
- Sikaping magkaroon ng *twist* o *punchline* sa dulo
- Magpakita ng kuwento, huwag ikuwento ang kuwento
- Gawing *double blade* ang pamagat

*Mas mapabubuti mo pa ang iyong susulating dagli, mainam na iyong malaman ang dalawa sa uri ng kakayahang komunikatibo. Ang mga kakayahang ito ay nalinang na sa mga gawaing iyong naisagawa sa ikalawang markahan.*

**Kakayahang Gramatikal**

- Ito ay tumutukoy sa kakayahang makabuo at makaunawa nang maayos at makabuluhang pangungusap na naayon sa tuntunin ng gramatika. Mahalagang mabatid ang mga tuntuning pang-gramatika dahil magagamit ang mga ito sa epektibong pagbuo ng salita, pangungusap, tamang pagbigkas, pagbaybay at maging sa pagbibigay kahulugan sa salita. Ang mga komponent na ito ay nagsasaad kung ano-anong mga salita ang angkop at kung kailan ito nagagamit nang tama.
- Magagamit mo ang kahusayan sa gramatikal sa pagsulat mo ng iyong sariling dagli sa pamamagitan ng pagsunod sa wastong gamit ng balarilang Filipino.

- Nagagamit mo nang wasto ang sampung bahagi ng panalita sa pagbuo ng mga pangungusap.
- Natitiyak ang wastong baybay o ortograpiya ng wikang Filipino sa paggamit ng mga salita.
- Nabibigyang-pansin ang tuntunin hinggil sa paggamit ng "ng" at "nang", "din" at "rin", "daw" at "raw".
- Nagagamit nang wasto ang gamit ng mga bantas.
- Natitiyak ang wastong estruktura ng pangungusap.

**Kakayahang Diskorsal**

- Ito ay ang komponent na nagbibigay-kakayahang magamit ang isang tiyak na wika sa makabuluhang paraan. Dito binibigyan ng wastong interpretasyon ang salita, pangugusap o pahayag upang makabuo ng isang mas malawak at malalim na kahulugan. Tinuturo ng paraang diskorsal kung sa paanong paraang ang mga salita, parirala at pangugusap ay mapagsasama-sama o mapag-uugnay-ugnay upang makabuo ng maayos na usapan, sanaysay, talumpati, *e-mail*, artikulo at iba pa.

Basahin at suriin ang maikling talata sa kahon:

| |
|---|
| "Patuloy tayong lumaban na may ngiti sa ating mga labi. Ang pagbagsak ng ekonomiya dahil na rin sa pagsasara ng ilan sa mga negosyo sa buong bansa. Hindi madali ang kinahaharap nating pagsubok sa kasalukuyan ngunit sa pamamagitan ng pagkakaisa at pagtutulungan mapagtatagumpayan natin ito. Ang kahirapang nararanasan ng bawat isa at kawalan ng ipanlalaman tiyan dahil sa kawalan ng hanap-buhay ng mga tao. Tandaan natin na ang isa sa mga katangiang maipagmamalaki nating Pilipino ay ang matatag na pagharap sa mga suliraning dumarating. Ang lahat ay apektado sa pandemyang kinakaharap ng lipunan sa kasalukuyan. Malaki ang naging epekto nito sa buhay ng mga Pilipino dahil na rin sa kawalan ng kahandaan sa magiging dulot nito. Sa patuloy na pagdami ng kaso ng nagkakasakit, hindi lamang natatapos sa mga pasyenteng dinadala sa ospital ang apektado kundi pati na rin ang buhay ng bawat isa." |

*Malinaw ba ang talata? Maayos ba ang pagkasunod-sunod ng mga pangungusap sa talata? Ano ang dapat gawin upang maging makabuluhan ang pahayag?*

**Gawain 5. Suriin Mo!**

Panuto: Suriin ang pagkakabuo ng talata. Isulat sa sagutang papel ang mga napunang mali.

| |
|---|
| |

*Tandaan, may dalawang bagay na isinasaalang-alang upang maging malinaw at makabuluhan ang nais iparating na mensahe – ang kaugnayan at kaisahan.*

- Ang ***kaugnayan*** ay tumutukoy sa kung paano nagkakaugnay-ugnay ang kahulugan ng mga pangungusap o pahayag sa paraang pasalita o pasulat.

Maituturing na may ugnayan ang mga pangungusap sa isang komposisyon kung mahusay ang pakakahanay ng mga idea o pangyayaring tinatalakay rito. Sa pamamagitan nito magiging tuloy-tuloy ang diwa nito.

- Ang ***kaisahan*** naman ay tumutukoy sa kung paano nagkakaugnay-ugnay ang dalawang idea sa wastong paggamit ng wika. Nakapaloob dito ang paggamit ng mga panghalip bilang panghalili sa mga natukoy na sa simula ng pahayag at pagdaragdag ng mga kataga, panuring at komplemento upang pahabain ang mga pangungusap.

*Ating balikan ang talata, gamit ang dalawang kakayahan, maisasaayos natin nang malinaw ang mensahe na nais iparating ng talata. Bigyang pansin ang pagbabago sa talata.*


“Ang lahat ay apektado sa pandemyang kinakaharap ng lipunan sa kasalukuyan. Malaki ang naging epekto nito sa buhay ng mga Pilipino dahil na rin sa kawalan ng kahandaan sa magiging dulot nito. Sa patuloy na pagdami ng kaso ng nagkakasakit, hindi lamang natatapos sa mga pasyenteng dinadala sa ospital ang apektado kundi pati na rin ang buhay ng bawat isa. Ang pagbagsak ng ekonomiya dahil na sa pagsasara ng ilan sa mga negosyo sa buong bansa. Ang kahirapang nararanasan ng bawat isa at kawalan ng ipanlalaman tiyan dahil sa kawalan ng hanap-buhay ng mga tao. Hindi madali ang kinakaharap nating pagsubok sa kasalukuyan ngunit sa pamamagitan ng pagkakaisa at pagtutulungan mapagtatagumpayan natin ito. Tandaan natin ang isa sa mga katangiang maipagmamalaki nating Pilipino ay ang pagiging matatag sa pagharap sa mga suliraning dumarating. Patuloy tayong lumaban na may ngiti sa ating mga labi.”

*Mahusay! batid kong naunawaan mo ang ating naging talakayan. Ngayon ikaw naman, magbibigay ka ng iyong puna sa mga napapanahong isyu sa lipunan at social media.*

## Gawain 6. Ipaliwanag Mo!

Panuto: Pumili ng isang paksang nasa kahon at sumulat ng talatang naglalaman ng iyong puna tungkol sa mga napapanahong isyu. Bigyang pansin ang panuntunan sa kasanayang gramatikal at diskorsal.


- Hindi pag-apruba ng kongreso sa prangkisa ng ABS-CBN.
- Epekto ng *social media* sa kabataan ngayong may pandemya.
- Buhay ng mga Pilipino sa panahon ng pandemya.
- Pag-apruba sa Anti-Terror Bill
- Pagbibigay ng gobyerno ng SAP o tulong pinansyal sa mahihirap.
- Pagsasaayos at paglalagay ng *dolomite sa* Manila Bay
- Pagkawili ng mga kabataan sa mga nauusong aplikasyon sa social media.



*Tatayain ang iyong naging sagot batay sa sumusunod na pamantayan:*

| Kategorya | Puntos |
|---|---|
| Naayon ang nilalalaman sa paksang tinatalakay | 10 |
| Nailalahad ang mga idea ng organisado | 10 |
| Wastong gamit ng wika | 10 |
| Kabuoan | **30** |

*Mahusay! Binabati kita sa matiyaga mong pag-aaral sa mga aralin. Sa kasunod na bahagi ng modyul na ito ay babasahin mo ang dagling "Ako Po'y Pitong Taong Gulang mula sa isang rehiyon sa mga isla ng Caribean.*
*Kung handa ka na, magsimula na!*



# *Pagyamanin*

*Basahin at unawain mo ang dagli na pinamagatang Ako Po'y Pitong Taong gulang na nagmula sa isa sa Isla ng Carribbean. Bigyang pansin ang pagkakabuo ng akda dahil magagamit mo ito sa inaasahang pagganap.*

**Ako Po'y Pitong Taong Gulang**



Hello. Ang pangalan ko po ay Amelia at nakatira ako sa isang isla sa Caribbean. Ako po'y pitong taong gulang. Noon po'y ipinamigay ako ng aking mahihirap na magulang sa isang mayamang pamilyang nakatira sa lungsod. Ngayon pong araw na ito, gaya ng ginagawa ko araw-araw, gumising po ako ng alas singko ng umaga. Umiigib ako ng tubig sa isang balon na malapit sa amin.

Napakahirap pong balansehin ang mabibigat na banga sa aking ulo. Pagkatapos po ay naghanda na ako ng almusal at inihain ko po iyon sa pamilyang pinaglilingkuran ko. Medyo nahuli nga po akong ng paghahain ng almusal, kaya pinalo po ako ng aking amo ng sinturon.

Pagkatapos po ay inihatid ko sa paaralan ang kanilang limang taong gulang na anak na lalaki. Sumunod po, tumulong ako sa paghahanda at paghahain ng tanghalian ng pamilya. Kung hindi pa po oras ng pagkain, kailangan ko pong mamili ng pagkain sa palengke at gawin ang mga utos nila, asikasuhin ang apuyan, walisan ang bakuran, labhan ang mga damit, hugasan ang pinagkainan at linisin ang kusina. Hinihugasan ko rin po ang mga paa ng aking among babae. Galit na galit po siya ngayong araw na ito at sinampal po niya ako dahil sa galit. Sana'y hindi na po siya galit bukas.

Ipinakain po sa akin ang kanilang natirang pagkain, mas mabuti naman po ito kaysa giniling na mais na kinain ko po kahapon. Gula-gulanit po ang aking damit at wala akong sapatos. Hindi po ako kailanman pinayagan ng aking mga amo na ipaligo ang tubig na iniigib ko para sa pamilya. Kagabi po ay sa labas ako natulog, kung minsan po ay pinatutulog nila ako sa sahig sa loob ng bahay. Nakalulungkot pong isipin na hindi ako ang mismong sumulat nito. Ayaw po nila kasi akong payagang mag-aral.

Maging maayos po sana ang araw ninyo. – Amelia

**Gawain 7: Unawain Mo!**

Panuto: Tukuyin at suriin ang tauhan, tagpuan at mga pangyayari sa binasang dagli sa iyong sagutang papel.

1. Tauhan
   ______________________________
   ______________________________
2. Tagpuan
   ______________________________
   ______________________________
3. Pangyayari 1
   ______________________________
   ______________________________
4. Pangyayari 2
   ______________________________
   ______________________________

5. Pangyayari 3

______________________________________________________________
______________________________________________________________

**Gawain 8: Pag-unawa sa Binasa**

Panuto: Suriin ang mga mahahalagang pangyayari sa akda. Sagutin ang mga sumusunod na tanong sa iyong sagutang papel.

1. Ano-anong suliranin ang pinagdaanan ni Amelia?

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

2. Natatamasa ba ni Amelia ang karapatan ng isang pitong taong gulang? Ipaliwanag.

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

3. Ano –ano ang mga dapat na ginagawa ng isang pitong taong bata?

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

*Mahusay! Basahin at ipagpatuloy mo ang mga gawain para sa mas malalim na pag-unawa sa akdang binasa.*

Isa sa kinakaharap na suliranin ng tauhan sa dagling "Ako Po'y Pitong Taong Gulang" ay ang ***child labor***. Laganap ang *child labor* hindi lamang sa Pilipinas kundi maging sa iba pang panig ng daigdig. Kapag may nakita kang batang lalaki o babaeng naghahanap-buhay na sa kanilang murang edad, marahil naitanong mo sa sarili ang mga dahilan kung bakit kailangan nilang magtrabaho sa halip na sila ay nasa paaralan at nasisiyahan sa pagiging bata.

Maaaring nakabasa o nakapanood ka na rin sa *social media* ng mga batang inaabuso at pinagtatrabaho kahit pa sa murang edad. Aking hihingin ang iyong makabuluhang opinyon ukol dito sa pamamagitan ng larawan. Bigyang husga mo ang larawan na nasa ibaba upang mas mapalalim mo pa ang iyong pang-unawa

**Gawain 9: Larawan Mo, Opinyon Ko!**

Panuto: Sumulat ng talatang naglalaman ng iyong opinyon o interpretasyon kaugnay sa larawan. Bigyang-pansin ang mga panuntunan sa wastong pagsulat. Ilagay ito sa iyong sagutang papel.



**Gawain 10: Post Mo, Reaksiyon Ko!**

Panuto: Magbigay ng opinyon sa mga *trending post* sa *social media* patungkol sa mga batang may kinakaharap na suliranin. Ilagay ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Batang estudyante na nakatulog sa harap ng simbahan sa Lipa, Batangas. Makikita na nakasandal sa kaniyang bag habang nakahawak sa libro at paninda niyang sampaguita. Nagbebenta siya ng sampaguita pagkatapos ng kaniyang klase para makatulong sa kaniyang nanay.
2. Siyam na anyos na bata ipinagbebenta ang 50 medalya para makakain ang pamilya. Baon sa utang at nawalan ng trabaho ang ina ni Kenneth dahil sa pandemya kaya para may makain ang kaniyang pamilya, binebenta niya ng bente pesos kada isa, ang kaniyang medalya.

*Tatayain ang iyong naging sagot batay sa sumusunod na pamantayan:*


| Kategorya | Puntos |
|---|---|
| Naayon ang nilalalaman sa paksang tinatalakay | 10 |
| Nailalahad ang mga idea ng organisado | 10 |
| Wastong gamit ng wika | 10 |
| Kabuoan | **30** |
| | |



# *Isaisip*

**Gawain 11. Natutuhan Ko!**
Panuto: Ibigay ang mga natutuhan mo sa mga paksang natalakay. Subukin mong sagutin ang gawain sa iyong sagutang papel. Gayahin ang pormat.

| Mga natalakay na paksa | | Natutuhan ko | | Kahalagahan nito |
|---|---|---|---|---|
| *Social Media* | ➡ | | ➡ | |
| Popular na anyo ng panitikan | ➡ | | ➡ | |
| Kakayahang gramatikal at diskorsal | ➡ | | ➡ | |
| Dagli<br>Ako po'y pitong taong gulang | ➡ | | ➡ | |




# *Isagawa*

*Upang matiyak mo kung talagang naintindihan ang araling ating tinalakay sa mga nagdaang araw, isagawa mo ang pangwakas na gawain para sa Ikalawang Markahan. Natitiyak kong kayang-kaya mo nang sumulat ng sarili mong akdang ilalathala sa social media.*

**Gawain 11. GRASPS**

| | |
|---|---|
| ***Goal*** | Makasusulat ng sariling dagli na mailalathala sa social media. |
| ***Role*** | Ikaw ay isang mahusay na manunulat ng mga akda. |
| ***Audience*** | Guro, kapwa mag-aaral at ang mga netizen sa social media |
| ***Situation*** | Ipagpalagay na ikaw ay manunulat sa iyong lalawigan na naatasang sumulat ng sariling dagli na ilathala sa *social media* |
| ***Product*** | Sariling-gawang dagli na may sariling pamagat na ilalathala sa *social media.* |
| ***Standards*** | A. Orihinalidad ....................................................... 30 puntos<br>B. Makatotohanan at Napapanahong paksa .................. 30 puntos<br>C. Wasto at angkop na gamit ng gramatika at retorika..... 25 puntos<br>D. Hikayat at kawilihan sa Mambabasa .........................15 puntos<br>Kabuoan...............................................................100 puntos |





# *Tayahin*

*Napakahusay mo! Binabati kita sapagkat narito na tayo sa pangwakas na pagtataya. Kaya sagutin mo na ang mga katanungan.*

**PANGWAKAS NA PAGTATAYA**

A. Panuto: Pumili sa kahon at isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

| A. Facebook | B. Youtube | C. Instagram | D. Wattpad | E. Twitter |
|---|---|---|---|---|

_____ 1. Ang tawag sa *microblogging* na may serbisyong nagbibigay kakayahan sa gumagamit nito na magpadala at basahin ang mga mensahe na kilala bilang *tweets.* Ang mga nakarehistrong *user* ay maaaring magpost ng mga *tweets* ngunit ang mga di-nakarehistro ay maaari lamang magbasa ng mga ito.

_____ 2. Ang *website* na nagbabahagi ng mga *video* at nagbibigay-daan para sa mga tagagagamit nitong magbahagi, makita at ibahagi ang mga *video clips.*

_____ 3. Isang uri ng *social media* na may serbisyong magbahagi ng kanilang larawan at *video*. Pinapayagang ang mga gumagamit na mag-edit at mag upload ng mga larawan at maiikling *video* sa pamamagitan ng isang *mobile app.*


_____ 4. Isang uri ng *social media* na kung saan maari kang magdagdag ng mga kaibigan at magpadala ng mensahe at baguhin ang kanilang sariling sanaysay upang ipagbigay-alam sa kanilang mga kaibigan ang tungkol sa kanilang sarili.

_____ 5. Isa itong *website o app* para sa mga mambabasa at manunulat na mag-*publish* ng mga bagong kuwento na nilikha ng gumagamit sa iba't ibang genre.

B. Panuto: Tukuyin kung ang sumusunod na anyo ng panitikan ay nabibilang na popular sa *social media*. Isulat sa sagutang papel ang Tsek (/) kung ito ay kabilang at ekis (X) naman kung hindi.

_____ 1. Balagtasan
_____ 2. Hugot lines
_____ 3. Spoken Word Poetry
_____ 4. Dagli
_____ 5. Alamat
_____ 6. Rapbattle (Fliptop)
_____ 7. Pabula
_____ 8. Vlog
_____ 9. Elehiya
_____ 10. Blog

C. Panuto: Magbigay ng iyong kaalaman sa pagsulat ng isang organisado at makahulugang akda. Gayahin ang pormat sa sagutang papel.




D. Panuto: Piliin at isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

_____ 1. Isa kang **<u>lodi</u>** dahil nakagawa ka ng iyong sariling dagli.

_____ 2. **<u>Friendzone</u>** pa rin ako sa kanya kahit alam niyang sobra ko siyang hinahangaan.

_____ 3. Ang ganda mo naman beshie parang lalaban sa Miss Universe. **<u>Charot!</u>**

_____ 4. Ang taas nang nakuha kong iskor sa modyul. **<u>I-flex</u>** ko nga ito sa aking mga kaibigan.

_____ 5. Ang ganda naman ng bago kong *cellphone*, I try ko ngang **<u>mag-selfie.</u>**

_____ 6. Alam mo naiinis ako sa kanya, masyado siyang **<u>pabebe.</u>**

A. biro lang

B. Hanggang kaibigan lang

C. Idolo o taong hinahangaan

D. Ipagyabang

E. Maarte

F. Pagkuha ng larawan sa sarili



*Magaling! Ang husay mo! Binabati kita sa sipag mong pagsama sa paglalakbay natin sa mga bansang Kanluranin. Batid kong marami ka nang natutuhan sa mga aralin. Natuklasan mo ang kanilang natatanging panitikan maging ang wika at gramatika. Ngayon, papasok na tayo sa susunod na yugto tungo sa mga panitikan ng mga bansa sa Africa at Persia (Iran) –* ***Ikatlong Markahan: Panitikang African at Persian.***

# Susi sa Pagwawasto

**PAUNANG PAGTATAYA**

**A.**

1. Facebook
2. Twitter
3. Wattpad
4. Instagram
5. Youtube

**B.**

| | |
|---|---|
| 1. X | 6. / |
| 2. / | 7. X |
| 3. / | 8. / |
| 4. / | 9. X |
| 5. X | 10. / |

**C.** *Iba-iba ang sagot*

**BALIKAN**

**Gawain 1: Naaalala Mo Ba?** *Iba-iba ang sagot.*

**TUKLASIN**

**Gawain 2: Bigyang-kahulugan Mo!** *Iba-iba ang sagot.*

**SURIIN**

**Gawain 3: *Post* ko iyan!** *Iba-iba ang sagot.*
**Gawain 4: Husgahan Mo!** *Iba-iba ang sagot.*
**Gawain 5: Suriin Mo!** *Iba-iba ang sagot.*
**Gawain 6: Ipaliwanag Mo!** *Iba-iba ang sagot*

**PAGYAMANIN**

**Gawain 7: Unawain Mo!** *Iba-iba ang sagot.*
**Gawain 8: Pag-unawa sa Binasa** *Iba-iba ang sagot.*
**Gawain 9: Larawan mo, Opinyon ko!** *Iba-iba ang sagot.*
**Gawain 10: Post mo, Reaksiyon ko!** *Iba-iba ang sagot.*

**ISAISIP**

**Gawain 11: Natutuhan Ko!** *Iba-iba ang sagot.*

**ISAGAWA**

**Gawain 11: GRASPS** *Iba-iba ang sagot.*

**PANGWAKAS NA PAGTATAYA**

**A.**

1. E
2. B
3. C
4. A
5. D

**B.**

| | |
|---|---|
| 6. X | 6. / |
| 7. / | 7. X |
| 8. / | 8. / |
| 9. / | 9. X |
| 10.X | 10. / |

**C.** *Iba-iba ang sagot.*

**D.**

1. C
2. B
3. A
4. D
5. F
6. E

## *Sanggunian*


Ambat, V.C., et.al (2015). *Filipino 10 Modyul para sa Mag-aaral.* Pasig City: Vibal Group, Inc. pa. 145-147, 230-232.

*Social Media.* Nahango noong Mayo 25, 2020 mula sa https://internetatsocialmedia.wordpress.com/socialmedia/

*Kasanayang Komunikatibo.* Nahango noong Mayo 25, 2020 mula sa https://www.academia.edu/34040521/APAT_NA_KOMPONENT_O_SANGKAP_NG_KASANAYANG_KOMUNIKATIBO

*Kahulugan at kahalagahan ng Panunuring Pampanitikan: Katangian ng mahusay na Kritiko.* Nahango noong Mayo 15, 2020 mula sa https://slideshare.net/mobile/karenmfajardo/kahulugan-at-kahalagahan-ng-panunuring-pampanitikan-katangian-ng-isang-mahusay-na-kritiko

*Panitikan sa panahon ng Internet.* Nahango noong Mayo 27, 2020 mula sa https://varsitarian.net/filipino/20160428/panitikan_sa_panahon_ng_internet

*Youtube.* Nahango noong Mayo 28, 2020 mula sa https://tl.wikipedia.org/wiki/YouTube

*Twitter.* Nahango noong Mayo 28, 2020 mula sa https://tl.wikipedia.org/wiki/Twitter

*Facebook.* Nahango noong Mayo 28, 2020 mula sa https://tl.wikipedia.org/wiki/Facebook

*Trending Balita.* Nahango noong Mayo 28, 2020 mula sa https://tnt.abante.com.ph/batang-nakatulog-habang-nag-aaral-nagtitinda-ng-sampaguita-pinusuan-ng-mga-netizen/

*Trending Balita.* Nahango noong Mayo 28, 2020 mula sa https://www.gmanetwork.com/news/video/kapusomojessicasoho/533855/kapuso-mo-jessica-soho-bata-ipinagbebenta-ang-50-medalya-para-makakain-ang-pamilya/video/

Hugot Lines. Nahango noong Mayo 20, 2020 mula sa https://philnews.ph/2019/02/16/hugot-lines-list-40-best-tagalog-hugot-lines/

Blog. Nahango noong Setyembre 21, 2020 mula sa https://childlabor2017.wordpress.com/2017/02/25/batang-kalabaw/

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph